



Tayo na sa Wika'Skwela: Ang Papel ng Sining sa Pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga Bata at Kabataang Pilipino sa Venezia, Italya

Lilibeth Quiore¹, Rowell Madula²

¹ *De La Salle University*

² *De La Salle University*

rowell.madula@dlsu.edu.ph

Abstrak: Ang pangingibang-bayan o penomenon ng diaspora ang isa sa iilang natitirang pamamaraan na nakikita ng maraming pamilyang Filipino para sa panlipunang mobilidad sa kasalukuyang panahon. Sa loob ng ilang dekada, ang pagpapaigting sa polisiya ng labor export ng pamahalaan, ang nagtulak sa marami nating kababayan na maghanap ng kabuhayan sa labas ng bansa. Nilalayon ng papel na ito na dalumatin ang naging karanasan ng mga mananaliksik sa kanilang pakikipag-ugnayan sa komunidad ng mga Pilipinong naninirahan sa Venezia, Italya at pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa mga bata at kabataang miyembro nito. Sa tatlong taon ng pagpapatupad ng Manunggul Jar Project: Programang Pang-edukasyon sa Wika at Kulturang Pilipino na proyekto ng Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle, ibabahagi ng dalawa sa mga naging guro ang kanilang karanasan sa paggamit ng sining sa pagtuturo ng wikang Filipino ay pagpapakilala ng kulturang Pilipino sa mga pangalawa hanggang pangatlong henerasyon ng mga Pilipinong naninirahan na sa Italya. Gamit ang penomenolohikal na pagsusuri sa kanilang karanasan, nakita ng mga mananaliksik ang malaking papel na ginagamapanan ng sining sa integrasyon nito sa pedagohiya at pagtuturo sa mga bata at kabataan. Napagtanto sa pag-aaral na ito na ang mga ginamit na estratehiya at dulog sa pagtuturo ng mga guro gamit ang iba't ibang anyo at genre ng sining at literatura, mula sa mga aktibidad nito, ay nakatulong ng malaki sa pagpapakilala sa mga bata at kabataang lumaki at mas pamilyar sa wika at kultura ng bansang Italya.

Keywords: pagkatuto; transnasyonalismo; identidad; wikang Filipino; diaspora

Migration has been one of the remaining hopes of many Filipinos to social mobility in these trying times. In the past decades, the intensification of labor export policy of the Philippine government has been driving Filipinos to diaspora. This paper aims to analyze the experiences of the researchers in living with Filipino migrant communities in Venice, Italya while teaching Filipino language and culture to the



youngsters and the kids of the said communities. In relation to the three-year implementation of the Manunggul Jar Project: An Educational Program on Language and Culture of the Filipino Department of the De La Salle University-Manila, the two years of the program will share their experiences of utilizing the arts in teaching Filipino language and introducing Filipino culture to second and third generation of Filipino migrants in Italy. Using the phenomenological approach, this paper has realized that the integration of the arts play an important role in the pedagogy and teaching to the youngsters and the kids. The study found out that the strategies and approaches in teaching which used different genre of the arts has been an efficient way of teaching language and culture.

Keywords: learning; transnationalism; identity; Filipino language; diaspora

1. PANIMULA

Trabaho ang pangunahing dahilan ng pagpunta ng mga Pilipino at pananatili nila sa bansang Italya. Ang mga Pilipino ang isa sa pinakamalaking komunidad sa Italya, marahil dahil na rin sa nag-uugnay sa dalawang bansa, ang relihiyon at ang haba ng panahon ng migrasyon ng komunidad kumpara sa ilang non-European na mga komunidad.

Tinatayang mayroong 162,469 mga Pilipino ang nasa Italya mula noong Enero 2017, ika-lima sa pinakamalaking bilang ng mga dayuhan na namumuhay dito kabilang ang Moroccan, Albanian, Chinese at Ukrainian ayon sa datos na makikita sa website ng Integrazione Migrante, ng Ministry of Labor and Social Affairs at Italia Lavoro.

Ayon sa tala, mataas ang bilang ng mga bata at kabataang Pilipino na nag-aaral sa Italya. Kumakatawan sa 73% ng bilang na ito ang nakatala sa mga paaralan sa bansa at ang pinakamarami rito ay nag-aaral sa elementarya. Ibig sabihin, sila ang henerasyon na ipinanganak at lumaki na sa Italya. Bagamat ang kanilang dugo at lahi ay Pilipino, ang kulturang kanilang kinakalakihan ay kultura ng bansang kumakanlong sa kanila.

Kaya mahalaga na kahit hindi na nila nakagisnan ang kultura at tradisyon ng bayang pinagmulan ng kanilang mga magulang ay maiparamdam sa kanila at maipadanas kung gaano kayaman ang tradisyon at kultura kasama na ang pag-uugat ng kanilang identidad bilang Pilipino kahit wala sila sa Pilipinas upang hindi nila ito makalimutan.

Ang Venezia ay isang lungsod sa hilagang kanluran ng bansang Italya na binubuo ng 118 malilit na islang pinaghihiwalay ng mga kanal at pinagdurgtong ng mga tulay. Ito ay kilala sa kanyang kagandahan, arkitektura at mga likhang sining. Ang buong lungsod ay nasa listahan ng World Heritage Site kasama na ang kanyang mga laguna. Kilala rin siya sa mga bansag na “Queen of the Adriatic,” “City of Water,” “City of Masks,” “City of Bridges,” “The Floating City,” at “City of Canals.” (Wikipedia)

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



Batay sa tala noong 2009, may 270,098 mga tao ang naninirahan sa Venezia. Sa nakalipas na isang dekada, nakararanas ang lungsod ng unti-unting pagbaba ng populasyon nito. Kapansin-pansin din na 25.7% ng kanilang populasyon ay mga pensionado samantalang 14.36% lamang ang mga menor de edad o may gulang na 18 pababa. Samantala, 9.8% ng kanilang populasyon o 26,852 sa kanila ay mga dayuhan na mayorya ay nagmula sa iba pang Europeong bansa, at ilang mga bansa mula sa Asya, tulad ng Pilipinas. (Second Chance 7-8). Sa huling tala ng Filipino Community of Venice, Mestre-Terraferma, mayroong 2,638 Filipinong naninirahan at nagtrabaho sa Venezia.

Ayon sa Venice Chamber of Commerce, taong 2010 mayroong 29,206 na negosyo sa Venezia kung saan 30.1% nito ay nasa komersyal na mga gawain, 10% ay sa konstruksyon, at 13.5% ay nasa industriya ng lodging at restaurant. Napakahalaga ng industriya ng turismo sa Venezia dahil sa ang kalagayan ng ibang sektor sa lungsod na ito ay nakadepende sa sigla ng kanilang turismo. Batay sa tala ng Province of Venice Tourism Department noong 2007, mayroong 385 hotels at mahigit sa 1,300 na iba pang uri ng akomodasyon tulad ng guesthouse, bed and breakfast, hostels, camping areas at iba pa. (Second Chance 9-10). Mahalaga rin ang industriyang ito dahil sa dito karaniwang nagtrabaho ang maraming Filipino sa Venezia.

2. MAIKLING KASAYSAYAN NG MANUNGGUL JAR PROJECT

Ang Manunggul Jar Project: Programang Pang-edukasyon sa Wika at Kulturang Pilipino sa Italya ay nasa Ikatlong Taong Paglalayag at nasa huling taon na ng pagdaong nito. Bahagi ito ng proyekto sa internasyonalisasyon at pakikilahok sa komunidad ng Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle kung saan inilalapit ang kaakuhang Pilipino sa pamamagitan ng pagtuturo ng wika at kultura sa mga kabataang Pilipinong malayo sa ating bansa.

Nakatuon ang programang ito sa pagpapalalim at pagpapaunlad ng mga kultura, tradisyon, wika at identidad bilang Pilipino. Nakapaloob dito ang iba't ibang usapin at aralin sa patuloy na pagyabong ng karanasan ng mga Pilipino na nasa ibang bayan. Isa sa mga tunguhin ng programa na mabigyan sila ng mga pagpapahalagang Lasalyano bilang bahagi ng isang Pilipinong pamilya at komunidad.

Naging pangkalahatang layunin ng programa ang pagbabahagi ng yaman ng sining, kultura at wikang Filipino. Nariyan din ang pagbibigay at paggamit ng mga partikular na kasanayan sa wika sa pang-araw-araw na sitwasyon. Sinikap ding magbigay ng ambag sa pagpapaunlad ng kultura at wika sa pagitan ng bansang Pilipinas at Italya sa pamamagitan ng paglikha ng mga awtput na makatutulong at makapagpapayaman sa pag-uugat ng identidad nila bilang Pilipino. At ang paglilinang sa bawat mag-aaral sa pagiging maka-Diyos, maka-Pilipino at maka-Kalikasan.

Ang Manunggul Jar Project (MJP) ay tatlong taong programa ng Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle at Filipino Community of Venice, Mestre-Terraferma. Ito ay sa pamumuno ng Tagapangulo ng Departamento ng Filipino na si Dr. Ernesto Carandang, II at ng Koordineytor ng proyekto, ang Pangalawang Tagapangulo ng Departamento ng Filipino na si Dr. Rowell Madula. Kabilang naman sa mga tagapamahala ng proyekto mula sa Italya sina G. Darwin Gutierrez, Pangulo ng Filipino Community sa Venice at G. Erwin Nuguid, Koordineytor ng proyekto mula sa Venezia. Kasama rin si Monsignor Luigi Ramazzotti ng Chiesa de la Fava.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



Taong 2015 mula nang unang maglayag ang programang ito sa Italya. Naging napakatagumpay ng unang taon ng programa sa pamumuno nina Dr. Ernesto Carandang, II, Dr. Rowell Madula na mga nagsilbi ring guro ng programa, at ang mga kinatawan sa Italya na sina G. Darwin Gutierrez, G. Erwin Nuguid, Monsignor Luigi Ramazzotti at mga Pilipino na nasa Venice. Napakaraming estudyante ang lumahok, natuto at nasiyahan. Lalo ring tumindi ang samahan ng mga kabataang Pilipino rito maging ng mga Pilipino sa komunidad. Kaya't lahat ng mga estudyante ay halos ayaw nang tapusin ang programa at hindi pa man natatapos ay nasasabik na sila para sa susunod na taong muling pagbabalik ng kanilang mga guro.

Noong unang taon ng implementasyon ng MJP, karamihan sa kanila ay naipanganak sa Pilipinas o may bahagyang kakayanan pa sa wikang Filipino. Marami sa kanila ang nag-aaral pa rin ng wikang Italyano at nagsisimulang mamuhay bilang migranteng mamamayan sa Filipino-Italyanong pamayanan. Iilan lamang ang sadyang naipanganak sa bansang Italya at may kakayanan sa wikang Italyano at Ilokano dahil marami sa kanila ay Ilokano. Bagaman mangilan-ngilan sa kanila ang nakaiintindi at gumagamit ng Pambansang Wika, ang Filipino. Binigyang diin ng mga guro ang pagtuturo ng identidad/kaakuhan, kultura ng mga kabataan sa Pilipinas, pagsusulat na pampahayagan, kulturang popular at ang pagkakabuklod-buklod nila bilang nagkakaisang mga kabataang Filipino sa Venezia.

Sa ikalawang taon ng Manunggul Jar Project (2016), kasama na sa Italya ang dalawang guro na sina G. Efren Domingo at Bb. Lilibeth Quiore, ang koordineytor ng proyekto na si Dr. Madula at ang tagapangulo ng Departamento na si Dr. Carandang. Ipinagpatuloy ng dalawang guro ang modyul para sa pagkatuto ng mga bata at kabataan sa Venezia Italia. Hinati ang mga klase sa mga bata (edad 4-12) at kabataan (edad 13-20). Ang klase ng mga bata ay sa umaga at ang klase ng mga kabataan ay sa hapon. Ito ay ginanap sa isla ng Sant' Elena. Katulad ng naunang taon, higit na marami ang mga estudyante na lumahok sa taong ito. Pagkatapos ng klase, halos lahat ay nagtatanong kung kailan muli ang susunod na klase ng MJP.

Sa ikalawang taon ng MJP, mas dumami ang kapansin-pansin na marami ang nahihirapan sa wikang Filipino. Totoo ito lalo't marami ang nakasalamuha ng mga Italyano at nakapag-aaral sa mga paaralan sa Italya na ang pangunahing wika ay Italyano. Tanging sa kanilang mga tahanan na lamang nagagamit ang wikang Ilokano o di kaya ang bahagyang Tagalog o Filipino. Naging pokus ng pagtuturo ang mga pagpapahalagang Filipino (values) at ang mga tradisyong Filipino.

Taong 2017, ang nakatakda sanang pangatlo at huling taon ng implementasyon ng programa, ay humarap sa malaking hamon ng kakulangan sa pondo ang proyekto. Dahil rito, pansamantalang ipinagpaliban ang pagsasagawa ng proyekto. Sa taong ito'y pumunta rin ng Pilipinas si Fr. Ramazzotti na nagsagawa ng isang misa sa Pamantasang De La Salle. Kanyang nakausap sina Br. Michael Broughton at Dr. Laurene Chua-Garcia, at maging ang ilang opisyal ng Embahada ng Italya sa Pilipinas.

Sa sumunod na taon, 2018, ay naisakatuparan ang huli at ikatlong taong pagdaong ng MJP sa Italya. Dumating ang mga guro sa Venezia noong Agosto 6, 2018, Lunes. Mula sa paliparan ng Marco Polo ay dumiretso ang mga guro sa venue ng klase upang magsalita sa mga estudyante at upang magbigay ng impormasyon sa mga magulang na naroroon. Pagkatapos magsalita ng mga guro ay agad na nag-ayos ng silid ang mga guro at inihanda ang mga gamit sa pagtuturo dahil magsisimula na agad ang klase kinabukasan. Unang Sabado ng mga guro sa Venezia ay nagkaroon ng misa at doon din nakasalamuha ng mga guro ang komunidad ng mga Pilipino rito.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



Hindi katulad ng mga nagdaang taon na sa kumbento ng simbahan ng Fava ang naging tahanan, ngayon ay tumuloy ang mga guro sa pamilya ng dalawang Pilipino sa Mestre. Nagkaroon din ng ilang pagbabago sa implementasyon ng programa sa huling taon nito. Ilan dito ay ang lugar na pagdadausan ng klase at ang oras o haba ng pagtuturo. Nakasama rin ngayong taon ang guro na si Bb. Deborrah Anastacio na pumalit kay G. Domingo.

Mula sa isla ng Sant' Elena ang klase ay idinaos na sa Viale San Marco, San Giuseppe Mestre, Venezia. Ang mga estudyante ay hindi na kailangang sumakay pa ng vaporetto hindi tulad noong mga nakaaang taon. Dahil marami ang mga Pilipino na nakatira malapit sa venue, ang ilan ay naglalakad papunta rito, nagba-bike o ang iba naman ay sumasakay ng tram.

Ang klase ay hinati sa dalawa. Sa umaga, mula ika-9 hanggang ika-3 ng hapon ay para sa mga bata at mula ika-10 hanggang ika-12 ng tanghali para naman sa mga kabataan. Apat na araw ang klase kada linggo sa mga bata at sa mga kabataan. Ang mga guro na sina Bb. Lilibeth Quiore at Bb. Deborrah Anastacio ang nagturo sa mga bata at sina Dr. Ernesto Carandang, II at Dr. Rowell Madula ang nagturo sa mga kabataan.

Ang programa ay dinaluhan ng 57 na mga bata at 33 na mga kabataan. Sa kabuuan ito ay nasa bilang na 90. Kung isasama pa ang mga kabataan na tumulong at nag asiste sa mga guro, aabot ng humigit kumulang 100 ang mga naging kalahok na mga estudyante sa taong ito.

Para sa huling taon nito, higit na may pokus ang mga naging paksa para sa pag-aaral. Tumuon ang mga guro sa Panitikan, Awit at Sayaw ng mga Pilipino.

3. PAGTUTURO AT PAGKATUTO

Mula sa freymwork na ang pagkatuto ng wika ng mga bata, lalo pa't sila'y lumaki sa ibang wika, makatutulong ang mga gawaing maka-sining. Makikita sa ibaba ang mga paksa't naging mga malikhaing awtput ng mga bata sa ilalim ng programa.

Mga Paksa	Malikhaing Awtput
<ul style="list-style-type: none"> • Mga Larong Pinoy • Ang Watawat ng Pilipinas • Mga Pambansang Sagisag ng Pilipinas • Mga Bayaning Pilipino • Mga Kilalang Santo sa Pilipinas • Mga Presidente ng Pilipinas • ABAKADA at Alpabetong Filipino • Numero, Kulay, Hugis • Araw ng Linggo at Buwan ng Taon (Selebrasyon) • Pera, Oras at Petsa • Pagbasa ng kwentong pambata • Panonood ng dokumentaryo • Pag-aaral ng isang kontemporaryong awit 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbuo ng katutubong medalyon (native lanyard) • Bookmark na may sariling pangalan at icon ng Pilipinong identidad • Bukas na Liham sa Presidente na nakasulat sa scroll • Pagbuo ng kalendaryo na may disenyo at sining na Pinoy • Pagdidisenyo ng makukulay na bote • Paligsahan sa ispeleng • Drill sa pagbili sa sari-sari store • Scrap book: Pagdidikit ng larawan mula sa magazine

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



<ul style="list-style-type: none"> • Mga magagandang tanawin sa Pilipinas • Panahon (tag-ulan at tag-araw) • Karaniwang disaster • Klima (mainit at malamig) • Mga karaniwang nararamdamang sakit sa katawan • Iba't ibang uri ng pakiramdam • Mahahalagang lugar sa komunidad (ospital, palengke, munisipyo) • Pampublikong transportasyon • Mga karaniwang trabaho • Pag-unawa sa direksyon • Ekspresyon at bokabularyo sa loob ng jeep 	<ul style="list-style-type: none"> • Paggawa at pagbuo ng NCCA Paper Craft Series (Rizal Monument, Banaue Rice Terraces at Manila Metropolitan Theater) • Pagdidisenyo ng katsa bag ng kanilang paboritong lugar sa Pilipinas o ang kanilang gustong puntahan sa Pilipinas. • Pagsulat ng mga simpleng pangungusap tungkol sa napiling larawan, sariling karanasan, at pangangalaga sa kalikasan • Paggawa ng diorama mula sa recycled materials sa kanilang mahahalagang lugar sa komunidad • Picture Perfect: Drill sa pagpapaliwanag, pagtatanong at paghingi ng tulong • Pagbuo ng puzzle na may larawan ng pampublikong transportasyon o mga mamamayan sa kanilang mga uniporme • Pikit mata: pagsunod sa direksyon
<ul style="list-style-type: none"> • Mga hayop na matatagpuan sa langit, lupa at tubig • Tipikal na alagang hayop sa tahanan • Tulong at benipisyo mula sa hayop • Simbolo ng hayop sa pag-uugali ng Pilipino • Iba't ibang uri ng pagkain (prutas, gulay, panghimagas, ulam) • Mga halamang gamot • Mga pagkain o ulam na karaniwang nakikita sa mga tahanan tulad ng adobo, sinigang, paksiw at pakbet • Mga pagkaing karaniwang inihahanda sa mga okasyon tulad ng pista, Pasko, kaarawan • Exotic at street food sa Pilipinas 	<ul style="list-style-type: none"> • Hayop sa Disenyo: Pagdidisenyo sa lata o kahon • gamit ang imahe ng paboritong hayop • Paggawa ng head band o face paint ng mga paboritong hayop at paggaya ng mga tunog nito • Pagluluto ng simpleng pagkaing Pinoy • Presentasyon ng mga pagkaing nagmumula sa iba't ibang probinsya sa Pilipinas • Food Fiesta (LUZVIMINDA)

Halos isang taong pinaghandaan ng mga guro ang kanilang mga ituturo sa mga mag-aaral sa Venezia Italya. May isang malaking hamon para sa mga guro, lahat sila ay nagtuturo sa kolehiyo. Kaya naman kapanapanabik gayundin ay naiibang karanasan ang magturo sa mga mag-aaral na edad 4 hanggang 21 taong gulang araw-araw sa loob ng isang buwan.

Nagsaliksik at nagbasa ang mga guro tungkol sa pagtuturo sa elementarya at hayskul. Nag-interbyu at nakipagkuwentuhan sa mga kaibigan at mga guro na nagtuturo sa mga lebel na ito. Masusi ring pinag-aralan at pinag-isipan ang mga gawain at aktibidad na isasama sa modyul. Nais ng mga guro na maging masaya, kapanapanabik ang pag-aaral nila ng kultura, sining at identidad bilang mga Pilipino. Maganda na matuto ang mga mag-aaral sa mga leksyon at maisapuso ang mga ito na hindi magmumukhang ipinipilit sa kanila. Kaya naman ang lahat ng mga gawain at aktibidad sa klase ay pinag-aralan na maiangkop sa kultura, tradisyon, kaugalian ng mga Pilipino.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



Ilan sa mga naging gawain sa klase ay ang pagpapakilala sa sarili sa pamamagitan ng pagsulat at pagdidisenyo sa pamaypay bilang bahagi ng pagbabalik-tanaw sa kanilang aralin noong unang taon ng Manunggul Jar Project. May nagdrowing ng watawat ng Pilipinas, may nagsulat ng “Salamat”, “Magandang Umaga” at iba pa. Nagkaroon ng makabuluhang gamit ang pamaypay sa pang-araw-araw na klase dahil sa napakainit na panahon dito. Araw-araw dala-dala nila ang kanilang mga pamaypay na may simbolikong kultural ng Pilipinas. Nakatataba ng puso na nakikita ang mga mag-aaral na hawak hawak ang kanilang mga pamaypay habang nakasakay sa vaporetto, tram o habang naglalakad sa mga kalye ng Venezia.

Gumawa rin sila ng mga bookmark na iginuhit ang mga paborito nilang lugar sa Pilipinas. Sinamahan din nila ito ng maikling liham para sa kanilang mga magulang. Nagdisenyo rin sila ng makukulay na bote matapos ang talakayan tungkol sa kulay at hugis. Ang mga ito ang nagsilbing alalala nila sa kanilang pakikibahagi sa programa. Marami sa mga boteng ito ang nakadisplay sa tahanan ng mga bata. Gayundin malikhain at makulay ang dinisenyuhan nilang picture frame. Napakasaya ng aktibidad na ito dahil naglagay ang mga mag-aaral ng kanilang selfie picture sa picture frame at nagsulat ng maikling mensahe para sa isa sa mahalagang tao sa kanilang buhay gamit ang Wikang Filipino.

Isa mga gawaing kasangkot ang mga kapwa mag-aaral ay ang paggawa ng natatanging poster na naglalarawan sa ganda ng Pilipinas sa mata ng mga mag-aaral na lumaki na sa bansang Italya. Patunay ito na kahit lumaki sila sa Italya ay sabik na sabik pa rin sila sa bansang pinanggalingan ng kanilang mga magulang. May isang mag-aaral na seryosong ikinuwento sa klase na gusto na niyang umuwi at tumira na sa Pilipinas. Dito raw ay mag-aalaga siya ng maraming hayop tulad ng manok at baboy at gusto raw niyang magtanin ng iba’t ibang gulay. Gustung gusto na raw niyang umuwi at tumira sa Pilipinas habang hawak ang poster.

Nagkaroon din ng pagtuturo at pagbibigay ng lektura sa isa sa mga kultural na sayaw ng Pilipinas, ang Sinulog. Nagturo rin ng mga katutubong sayaw tulad ng Panagalimango gamit ang kantang “Tong tong tong”, Itik itik at iba pa. Bahagi ito ng aralin na tumatalakay sa masining na kultura ng bansa. Mahusay na ipinamalas ng mga mag-aaral ang kanilang talento sa pagsasayaw.

Higit na napalalim ng mga mag-aaral ang kanilang pagka-Pilipino dahil sa pagtuturo at pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas at ang pagbabahagi ng sariling likhang dasal sa Wikang Filipino. Tinuruan din sila ng Lasalyanong panalangin bilang pagpapakita ng kulturang Lasalyano.

Ang halos araw-araw na pagtalakay sa Alpabetong Filipino at pag-awit ng ABAKADA at Alpabetong Filipino ay naging daan upang makabisado ito ng mga mag-aaral. Ito ang isa sa kanilang naging sandigan sa isang mahusay na komunikasyon at pakikipag-usap sa kanilang kapwa Pilipino at mga magulang. Pinag-aralan din ang mga bahagi ng katawan sa Wikang Filipino sa saliw ng musika. Ang gawain ay bahagi ng pag-eehersisyo na rin ng mga mag-aaral. Masayang masaya sila na inaawit ang mga bahagi ng katawan.

Ang mga guro ay nagdala rin ng mga laruang pera na papel at barya upang gamitin sa pag-aaral at pagpapakilala ng pera sa Pilipinas. Bawat mag-aaral ay binigyan ng isang supot na mga laruang papel at baryang pera upang maging pamilyar sila sa pera sa Pilipinas. Nagkaroon ng gawain na pagbili sa kunyaring sari-sari store. Ito ay gawain upang magsanay sila sa pagbili sa Wikang Filipino at ipakilala ang kutura gaya ng pagsasabi ng ate at kuya, paggamit ng po, opo at salamat po, paghingì ng tawad sa binili, kasama na ang pagbabayad at pagkuha ng sukli. Naging gawain din ito sa pagbibilang ng numero sa Wikang Filipino. Nagsanay silang magbayad at magkompyut gamit ang pera na hawak nila.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



Nagkaroon ng Araw ng Larong Pinoy. Ipinakilala ng mga guro ang mga larong Pinoy. Masiglang masiglang nagtatawanan at nagsisigawan sa saya ang mga bata sa gawaing ito. Kabilang sa kanilang ginawa ay ang patintero, taguan, sungka, jackstone, agawang panyo, luksong tinik, tumbang preso, paglalaro ng sipa at iba pa. Halos ayaw ng mga bata na matapos ang araw na ito. Pati ang mga magulang na naroroon ay nakipaglaro na rin ng sipa, jackstone at sungka. Nakakatuwa ang komunal na gawaing ito dahil lalong naging malapit sa isa't isa ang mga mag-aaral kasama na rin ang buo at matibay na samahan ng mga magulang na naroroon. Nakita at nalinang din ang pakikisama at pagtutulungan ng bawat isa bilang isang pangkat. Isa itong pambihirang araw na ayaw matapos ng lahat dahil ang mga mag-aaral kasama ng kanilang mga magulang ay masayang masaya at parang bumalik daw ang mga magulang sa kabataan nila sa Pilipinas.

Iba't ibang awiting Pilipino ang sabay sabay na natutunan at inawit ng mga mag-aaral. Makikita sa kanilang mga kilos ang masayang pakikibahagi sa musika kasabay ang pag-indak. Natutunan ng mga mag-aaral ang awiting may kinalaman sa pagiging isang mabuting Kristiyano, kabutihang asal at kultura ng Pilipinas. Ang ilan sa mga awit na gusto nila ay "Ang mga Ibon", "Ako ay isang komunidad", "Kung ikaw ay masaya", "Kumusta ka", "Ang Pipit", "Mamang Sorbetero" at marami pang iba.

Ang pagpapakita ng iba't ibang hayop na matatagpuan sa kapaligiran at sa bansang Pilipinas bilang bahagi ng pagpapahalaga sa mga hayop at sa kalikasan ang isa sa binigyang halaga rin sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Dahil usong uso sa mga bata ang face paint, ito ang ginawang aktibidad para sa mga mag-aaral. Mula sa mga pinta sa mukha o face paint ay makikita ang pamilyarisasyon ng mga mag-aaral sa mga hayop na makikita sa Pilipinas. Matapos nilang iguhit at gayahin ang mukha ng hayop ay ginaya rin nila ang mga tunog nito. Sa bandang huli ng klase ay tinalakay kung paano aalagaan ang mga hayop kasama na ang kalikasan.

Nagkaroon ng mga araw kung saan nagbasa ang mga guro ng mga kuwentong pambata na isinulat ng mga Pilipinong awtor. Ikinuwento ang "Unang Baboy sa Langit" ni Rene O. Villanueva. Nagpapanood din sa mga mag-aaral ng mga alamat at kuwentong bayan. Ipinakilala rin ang mga karakter sa komiks at ilang mga diwata sa mga alamat tulad nina Dyesebel, Darna, Maria Makiling, Bernardo Carpio, Lam-ang, Daragang Magayon at iba pa.

Para sa naman sa pamilyarisasyon sa bansang Pilipinas, nagdala ang mga guro ng puzzle na mapa ng Pilipinas. Makikita sa mukha ng mga mag-aaral kung gaano sila kasigla para mabuo ang mapa ng Pilipinas. Dahil dito naging pamilyar sila sa mga isla at mga lugar sa Pilipinas. May ilang mag-aaral pa na ipinagmamalaking ang kanilang mga probinsiya at namamangha na nakita kung nasaan ito sa mapa ng Pilipinas.

Nagtanong ang mga bata sa magulang ng iba't ibang bugtong at salawikain. Ang bugtong ay kanilang isinulat at ang sagot ay kanilang ipininta o inihulma gamit ang mga clay, beads, yarn at iba pa. Halos lahat ay nagsisigawan at nagpapalakpakan kung tama ang kanilang hula sa bugtong.

Hindi maiaalis ang pananabalik sa mga mag-aaral nang turuan silang magluto at gumawa ng minatamis. Tinuruan din silang gumupit at magdisenyo ng makukulay na papel de hapon tulad ng masining na pambalot sa pastillas na ginagawa sa Bulacan. Napakatamis ng ngiti ng mga mag-aaral mula sa kanilang naging karanasan. Ang ibang mag-aaral ay pinili na huwag kainin ang ginawa nilang minatamis dahil nais daw nila itong iuwi at ipatikim sa kanilang mga magulang at kapatid.

Kasama sa pag-aaral ang pagbibigay ng direksyon sa Wikang Filipino at pagpapakita ng kulturang Pilipino. Mula sa labas ng silid aralan, sila ay piniringan sa mata at dapat na marating nila ang kanilang



upuan sa pamamagitan ng pagsunod sa direksyon na ibinibigay ng mga guro tulad ng pagsasabi ng direcho, kaliwa, kanan, liko at iba pa. Kasabay nito ay itinuro rin ang pagsakay at pagbaba sa mga pampublikong sasakyan tulad ng dyip, traysikel, habal-habal, kalesa at iba pa. Itinuro rin ang pagsasabi ng bayad po, sukli po, para po at iba pa.

Sa araw ng pagtatapos, lahat ng mga natutunan at naging gawain ay binigkis at pinagtahi-tahi sa araw na ito. Ang ilan sa mga mag-aaral ay nagsayaw ng “sayaw sa ilaw”, ang iba ay tumula ng “Ang Kalabaw”, ang iba naman ay umawit ng “Ang mga ibon” at “Ako ay komunidad”. Lahat ng mga mag-aaral ay umawit ng “Pipit” at “Mamang Sorbetero”. Nakakatuwa na pati ang mga magulang ay sumasabay sa pagkanta kasama ng kanilang mga anak. Ang pagtatapos ay sinumulan ng isang banal na misa kasama ang mga magulang at kamag-anak ng mga mag-aaral at natapos sa iba’t ibang pagtatanghal ng mga mag-aaral. Punung-puno ang venue at halos wala nang upuan.

Naging masaya at kaabang-abang ang mga pag-aaral ng leksyon ng mga kabataan dahil sa iba’t ibang pamamaraan na ginagamit ng mga guro upang sila ay matuto. Musika, sayaw, pagsulat, iba’t ibang gawain na may langkap na sining ang naging daluyan ng mga guro sa pagtuturo ng wika, identidad, tradisyon, kaugalian at kulturang Pilipino. Ang silid aralan ay naging isang malaking galeriya ng likhang sining Pilipino ng mga mag-aaral. Naging tanghalan din ito ng mga katutubong sayaw at awiting Pilipino. Higit sa lahat, naging tahanan ito ng mga mag-aaral na nagpakita ng pagkakaibigan, pagtutulungan, pakikiisa sa kanilang mga kapwa Pilipino at pagpaparamdam ng pagmamahal sa kapwa pamilyang Pilipino na naninirahan na sa bansang Italya. Tunay na ipinagmamalaki nila ang maging estudyante ng Manunggul Jar Project.

4. PAGTATASA

Bago matapos ang Manunggul Jar Project, nagkaroon ng evaluation o pagtatasa ang mga estudyante at ang mga Pilipino sa Venice sa Italya.

A. Mula sa mga estudyante

Nagbigay ang mga guro ng evaluation form na nahahati sa limang punto: aralin, gawain o aktibidad sa klase, guro, iskedyul ng klase, pagkain at venue o lugar ng klase. Ang ebalwasyon ay sinagutan ng 10 na bata at 10 na kabataan.

1. Halos lahat ng mga estudyante ay nagustuhan ang lahat ng aralin nila sa klase.
2. **Ang pinaka nagustuhan nila sa mga aktibidad o gawain sa klase ay ang paggawa ng banderitas, pagdidisenyo ng bote o jar, pagsasayaw, pag-awit, animal face paint, larong Pinoy, paglalaro ng pera (play money) at pagbubuo ng puzzle, peynting ng magagandang tanawin o kalikasan at pagbuo ng tao sa komunidad gamit ang clay. Para naman sa kabataan, nagustuhan nila ang paggawa ng tula, hugot lines, meme, pagsulat ng baybayin, photo essay at paggawa ng komiks.**
3. Naging masaya ang lahat ng estudyante sa klase at sinabing mahusay ang mga guro. Subalit hindi lahat sa kanila ay naiintindihan ang mga itinuturo ng mga guro dahil hindi sila marunong magsalita o makaunawa sa wikang Filipino.



4. May ilan sa mga kalahok na nagsasabing maaga ang klase. Subalit halos lahat ay sinasabing sana 5 araw o higit pa ang klase sa loob ng isang linggo.
5. Lahat ng mga bata ay sinasabing nagustuhan nila ang mga pagkain sa klase. Ayon sa kanila, masarap ang pagkain, sapat ang dami nito para sa kanila at masustansiya ang kanilang kinakain.
6. Para sa mga estudyante maganda at ayos ang lugar para sa pag-aaral subalit ang ilan sa kanila ay nagsasabing hindi ito madaling puntahan. Subalit halos lahat sila ay ayaw gawin o ilipat ang klase sa ibang lugar.

B. Mula sa mga komunidad ng mga Pilipino sa Venice

1. **Ang komunidad ay nagpapasalamat at natuwa lalo na ang mga magulang dahil ipinagpatuloy ang programa sa kanilang lugar sapagkat mahalaga sa kanila na hindi makalimutan ng kanilang mga anak ang kaugalian, kultura, wika at identidad ng kanilang pagiging Pilipino.**
2. Nagpapasalamat ang komunidad ng Venice sa Pamantasang De La Salle para sa napakagandang proyektong ito. Gayundin malaki ang pasasalamat ng komunidad sa mga naging koordineytor at tagapamahala nito na malaki ang naging sakripisyo at hirap mula sa pagpapalano hanggang sa matagumpay na pagpapatupad ng programa na sina Dr. Madula at Dr. Carandang.
3. Natutuwa sila sapagkat ang kanilang mga anak ay gumagamit na ng mga salitang “po” at “opo” sa pakikipag-usap sa kanila at nagmamano na rin bago umalis at pagdating sa kani-kanilang mga tahanan.
4. Karamihan sa mga magulang ay kinausap ang mga guro at sinabing, masayang masaya sila dahil ang mga anak nila mismo ang maagang gumigising sa umaga para maghanda sa pagpasok sa klase. Ang ilan sa mga bata ay umiiyak daw kung hindi makakapasok sa Manunggul Jar Project. Hindi daw nila ito nakikita sa mga anak nila kung pumapasok sa kanilang paaralan sa Italya. Iba daw ang sigla at sigasig ng kanilang mga anak kung may pasok sila sa Manunggul Jar Project kaya nais at hinihiling ng mga magulang na sana ay ipagpatuloy pa ang proyektong ito at sana ay maging mahaba pa ang panahon ng pagtuturo kaysa dati.
5. Marami sa mga magulang ang nagda-download na ng mga kanta at video ng mga sayaw at awiting Pilipino dahil ito daw ang hinihiling ng kanilang mga anak sapagkat ito ang kinakanta sa klase.
6. Masaya ang mga magulang dahil sa tuwing uuwi ang kanilang mga anak mula sa klase ay may dala-dala ang mga ito na awtput tulad ng liham pasasalamat sa mga magulang na nasa wikang Filipino, bookmark, clay na hinulma na kamukha ng mga magulang at iba pa. Ang mga ito ay idinidisplay ng kanilang mga anak sa kani-kanilang mga bahay.
7. Nagpapasalamat sila sa apat na guro at kinatawan ng Pamantasang De La Salle dahil sa proyektong Manunggul ay naging mas malalapit sa isa’t isa ang mga bata at kabataan. Nagkaroon sila ng mga bagong kaibigan at mga kasama. Sapagkat noon daw ang kanilang anak ay mahiyain at ayaw makipag-usap sa kanilang mga kklase sa paaralan. Subalit noong pumasok sa Manunggul Jar Project, masaya lagi ang kanilang anak na umuwi sa bahay, hindi na naging mahiyain at nagkaroon na ng mga kaibigan.

C. Mula sa mga koordineytor at Monsignor sa Venice

Ang pagtatasa ay hinati sa mga punto tulad ng: attendance, time frame at schedule, guro, curriculum, student’s feedback, venue, food, tech and logistics at budget.

1. **Higit na marami ang mga kalahok ngayong taon. Ang bilang ng mga estudyante ay malaki para sa dalawang guro lamang.**
2. Ang tatlong linggo ay sapat na para sa programa.
3. Mahusay ang mga guro at naging epektibo sa kanilang pagtuturo. Hinihiling nila na sina Prop. Domingo at Prop. Quiore pa rin ang bumalik at magturo sa susunod na taon. Subalit ayon kay Dr.



Carandang hindi sigurado kung maipapadala nila muli ang mga guro dahil hindi permanent ang status ng mga ito sa pamantasan. Sa panahon ng lean years, baka ang ipapadala ay ang mga propesor na permanent ang status.

4. **Positibo ang naging feedback mula sa mga estudyante pagdating sa kanilang mga aralin at gawain o activities sa klase.**
5. Ang venue o lugar ng klase sa Sant' Elena ay maganda para sa mga estudyante. Dumating pa sa punto na nagtatanong ang mga estudyante kung maaari rin silang dito na matulog. Ang isa lamang sa disadbentahe ay malayo ang lugar subalit hindi naman ito naging pangunahing problema dahil sa paglaki o pagdami ng mga estudyante kahit pa malayo ang lugar.
6. Ang venue sa Viale San Marco, San Giuseppe Mestre, Venezia ay gustung gusto ng mga magulang at mga mag-aaral sapagkat malapit ito sa kanilang mga bahay at hindi na kailangan pang mag vaporetto ang kanilang mga anak sa pagpasok sa paaralan.
7. Masaya ang mga bata sa inihahanda sa kanilang pagkain subalit may ilang mga bata na nais na mas marami ang serving ng kanilang mga pagkain dahil masarap daw ang kanilang mga pagkain.

5. KONGKLUSYON

Tulad ng isang manunggul jar na may labas, loob at lalim, ang programang ito ay ang paglabas ng bansa ng mga Pilipinong iskolar at edukador, upang ilapit sa kalooban ng mga pamilyang nasa ibang bansa ang wika at kulturang Pilipino para palalimin ang pag-unawa at pagmamahal sa ating sariling bansa.

Ang tagumpay ng proyektong ito'y tagumpay ng layuning makapagturo at makapagmulat ng kaalaman at kamalayan sa mga komunidad ng mga Pilipinong nasa Europa, at sa pagsasakatuparan ng Lasalyanong tunguhin na paghubog ng kaisipan at damdamin, at sa pagpapalaganap ng karisma ni St. John Baptist de la Salle.

Marami tayong mga kababayan na sabik at nais matuto ang kanilang mga anak lalo na ang mga ipinanganak na sa dayuhang lupa sa kultura, kasaysayan at wikang Filipino. Sa Diasporang nasyon, tulad ng Pilipinas, mahalaga hindi dapat makalimutan ang ating pinagmulan, ang ating identidad bilang Pilipino.

6. SANGGUNIAN

Anthias, Floya. Finnish Journal of Ethnicity and Migration. "Tranlocational Belonging, Identity and Generation: questions and Problems in Migration and Ethnic Studies. Volume 4, No. 1. 2009. Print

Ewing Katherine Pratt. Worlds on the Move: Globalization, Migration and Cultural Security (eds. Jonathan Friedman at Shalini Randeria). "Migration, Identity Negotiation and Self Experience." 2004. Print.

Friedman, Jonathan. Worlds on the Move: Globalization, Migration and Cultural Security (eds. Jonathan Friedman at Shalini Randeria). "Globalization, Transnationalization, and Migration: Ideologies and Realities of Global Transformation." I.B. Taurus: London. 2004. Print.

Madsen, Kenneth at Naerssen, Ton Vann. Journal of Borderlands Studies. "Migration, Identity and Belonging." Volume 18, No. 1. Spring 2003. Print.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



Ramazzotti, Luigi. Personal na Panayam. Hulyo 12, 2015.

Rosenau, James. Worlds on the Move: Globalization, Migration and Cultural Security (eds. Jonathan Friedman at Shalini Randeria). "Emergent Spaces, New Places, and Old Faces: Proliferating Identities in a Globalizing World." I.B. Taurus: London. 2004. Print.

Second Chance: From Industrial use to Creative Impulse. SWOT Analysis for Arsenale of Venezia Porta Nuova Tower. Central Europe Programme and European Regional Development Fund. December 2010. Web.

Tehrani, Mahjid. Worlds on the Move: Globalization, Migration and Cultural Security (eds. Jonathan Friedman at Shalini Randeria). "Cultural Security and Global Governance: International Migration and negotiations of Identity." 2004. Print.